October 17, 2022

MA. ANTONIA YULO-LOYZAGA
DENR SECRETARY
Department of Environment And Natural Resources
Quezon City

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
19 OCT 2022
INCOMING
OUTGOING

ATTY. EMELYNE V. TALABIS
Tagapamahala
LAND MANAGEMENT BUREAU
Quezon City

MS. LORMELYN E. CLAUDIO , CESO IV
Regional Executive Director
DENR by the Bay Bldg.
1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila

Dear Sir/Madam,

Pagbati!

Ito po ay **follow up** sa aking liham noong Hunyo, 2022 tungkol po sa lupa na pag aari ng aking yumaong lolo na si Pedro Eniega dito po sa lalawigan ng Occidental Mindoro.

Noong Hulyo 2022 po ay dumating ang team na inatasan ng dating DENR Secretary Roy Cimatu at sila po ay nagsiyasat at amin pong nakapanayam.
Kung kaya po ako po ay nakikiusap po sa inyo na magkaroon na po ng desisyon na maibalik na po sa amin sapagkat ang Municipal Assessor **(Please see Annex A)** na po ang nagpatunay na kanilang inaprubahan ang **Deklarasyon** sa ibang tao ngunit walang conveyance mula sa heirs of Pedro Eniega . Malinaw po na ito ay paglabag sa batas sa pag aari at pagsasalin ng lupa at ang itinuturo ng Municipal Assessor ay ang DENR/CENRO sa pagkakamali.

Kung mga tapat at tunay na civil servants na nagpapatupad ng batas at sumusunod sa batas ay kung susumahin dapat po ay 30 days lang tapos na ang imbestigasyon sapagkat na sa kagawaran ang lahat ng records at maraming makabagong teknolohiya upang mapabilis ang serbisyo at hindi na umabot ng 5 na taon.

Kami po ay matatanda na at nais na po namin na maayos na. Lahat po ng kadahilanan ng inyong tanggapan sa pag antala mula pa noong taong **2018 na inutos ng Solicitor General sa inyong kagawaran** hanggang sa kasalukuyan taon 2022 ay amin pong inunawa.

Sumasainyo,

LIBERTAD ORIONDO
09154308133/09497610245 / 09613898462
Guiron,Poblacion, Sablayan, Occidental Mindoro

Republic of the Philippines
Province of Occidental Mindoro
MUNICIPALITY OF SABLAYAN
-oOo-

**OFFICE OF THE MUNICIPAL ASSESSOR**

May 18, 2022

**MS. LIBERTAD B. ORIONDO**
Sablayan, Occidental Mindoro

Maam,

Ang amin pong pagbati!

Kaugnay po sa inyong sulat na may petsang May 2, 2022 tungkol sa lupa ni **Pedro Eniega** na nakansela at nailipat ang deklarasyon ng pagbubuwis. Para po sa inyong kabatiran wala po kaming kopya na mga dokumentong ginamit sa paglilipat "**No Deed of Conveyance**". Maaari po kayong makipag ugnayan sa Tanggapan ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman na syang nagproseso ng katibayan ng Orihinal na Titulo.

Salamat po sa inyong pang unawa.

**LILY D. DANGUPON**
Municipal Assessor